Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**
# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA PAARALANG ELEMENTARYA NG PAGSAWITAN NOONG IKA- 5 NG ABRIL, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ........... PANG. PUNONG BAYAN
on leave

KAPASIYAHAN BLG. 123-T'2000

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 01-T'2000/ ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 03-T'2000 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BUBUKAL HINGGIL SA ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) PARA SA TAONG 2000 NA PAGLALAANAN NG 20% PONDONG PANGKAUNLARAN NG NABANGGIT NA BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ISANDAAN APATNAPU'T ISANG LIBO LIMANG DAAN SIYAMNAPU'T DALAWANG PISO (P141,592.00).

SAPAGKA'T, ang nasabing AIP ay ginawa ayon sa 20% Development Fund ng Sangguniang Barangay ng Bubukal bilang pagtalima sa Kautusang Pampanguluhan o Executive Order No. 189;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, Bernardo E. Ison at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 01-T'2000/Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 3-T'2000 ng Sangguniang Barangay ng Bubukal hinggil sa Annual Investment Plan (AIP) para sa taong 2000 na paglalaanan ng 20% pondong pang-kaunlaran ng nabanggit na barangay na nagkakahalaga ng P141,592.00.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Manananggol at Ingat-Yaman, Pambayang Sangguniang Barangay ng Bubukal, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALPONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan